# Nobyembre 29 ang Huling Araw sa mga Taga-Florida na Mag-Apply para sa Tulong ng FEMA

**Release Date: Nobyembre 28, 2023**

Bukas na ang huling araw sa mga Taga-Florida na nagtamo ng pagkawala mula sa Bagyong Idalia na mag-apply para sa pederal na tulong bago ng huling araw. Ang mga aplikasyon ay dapat matanggap ng 11:59 n.g. sa Silangang Pamantayang Oras sa Miyerkules, Nobyembre 29, 2023, para maisaalang-alang para sa tulong.

Kung ikaw ay nagtamo ng pagkawala mula sa Bagyong Idalia at nakatira ka sa county ng Charlotte, Citrus, Columbia, Dixie, Gilchrist, Hamilton, Hernando, Hillsborough, Jefferson, Lafayette, Levy, Madison, Manatee, Pasco, Pinellas, Sarasota, Suwannee o Taylor, maaaring makatulong ang FEMA. Maaari kang maging karapat-dapatpara sa tulong pinansyal ng FEMA para sa pansamantalang pabahay, pangunahing pagpapa-ayos ng bahay, pagkawala sa personal na pag-aari at iba pang walang-segurong gastos na may kaugnayan sa sakuna.

Tumawag ng libreng toll sa 800-621-3362, pumunta sa online sa DisasterAssistance.gov o i-download ang App ng FEMA para sa mga aparatong mobile o bumisita sa isang Sentro ng Pagbawi sa Sakuna. Ang linya ng telepono ay bukas araw-araw mula 7 n.u. hanggang 10 n.g. sa Silangang Pamantayang Oras. Ang tulong ay maaaring makuha sa karamihan ng mga wika. Kung gumagamit ka ng serbisyo ng relay tulad ng VRS (serbisyo ng relay sa bidyo), serbisyo ng naka-caption na telepono o iba pa, ibigay mo sa FEMA ang iyong numero para sa serbisyong iyon. Upang makakita ng naa-access na bidyo kung paano mag-apply, bisitahin ang Tatlong Paraan para Mag-Apply para sa Tulong sa Sakuna ng FEMA- YouTube.

Para sa pinakabagong impormasyon sa pagbawi ng Florida mula sa Bagyong Idalia, bisitahin ang floridadisaster.org/updates/ at fema.gov/disaster/4734. Sundan ang FEMA sa X na dating kilala bilang Twitter sa twitter.com/femaregion4 at sa facebook.com/fema.